# Sabihin mong;Sumainyo nawa ang kapayapaan sa mga naninirahan ng libingan na ito,mula sa mga naniniwalang Mu'min at Muslim at,Pagpalain nawa ni Allah ang mga nauna sa atin at ang pinaka-huli sa atin at katotohanan Kami sa kapahintulutan ni Allah ay susunod sa inyo))

Ayon kay 'Āeishah-malugod si Allah sa kanya-atynagsabi:Gusto ba ninyo na ikwento ko sa inyo ang tungkol sa akin at sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi kami: Oo,Sinabi niya,Nagsabi siya:Sa isang gabi na kung saan ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at nasa akin,lumingon siya at inilagay nito ang damit niya at tinanggal nito ang sapatos niya,at inilagay ang dalawang ito sa paa niya,at iniunat niya ang dulo ng malong niya sa higaan niya,hanggang sa humiga siya,hindi siya nagtagal at sa oras na iyon ay inakala niyang nakatulog na ako,kinuha niya ang damit niya nang malumanay,at isinuot niya ang sapatos niya ng malumanay,at binuksan niya ang pintuan at lumabas siya,at isinarado niya ito ng dahan-dahan,inilagay ko ang damit ko sa ulo ko at nagtakip ako at nagtakip ako ng aking mukha at isinuot ko ang malong ko,Pagkatapos ay lumabas ako na (sumusunod) likod niya. Hanggang sa dumating siya sa Al-Baq'ē at tumayo siya,pinatagal niya ang pagtayo,Pagkatapos ay itinaas niya and kamay niya ng tatlong beses,Pagkatapos ay umalis na siya at umalis narin ako,nagmadali siya at nagmadali din ako,tumakbo siya at tumakbo narin ako,dumating siya at dumating din ako,nauna Ako sa kanya kayat pumasok na ako,at wala akong (nagawa) kundi humiga,kayat pumasok siya;at nagsabi: (( Ano nangyari sa iyo? O 'Āieshah,at hinika ka at hiningalo kana))Nagsabi siya:Sinabi ko;Wala anuman ito,Nagsabi siya;(( Sasabihin moba sa akin o hahayaan mong ang katotohanan ay sabihin sa akin ng Napaka-bait na Mas higit na Nakaka-alam)) Nagsabi Ako:Sinabi ko: O Sugo ni Allah,sumpa man sa aking ama at ina,at sinabi ko sa kanya.Nagsabi siya;(Ikaw ba na nakita ko sa harap ko ?)) Sinabi ko:Oo,biglang sumakit ang dibdib ko na (parang) bigat na humapdi sa akin,pagkatapos ay sinabi niya: Inakala moba na (gagawan)ka ng hindi makatarungan ni Allah at nang kanyang Sugo?)) Ang sabi niya:(( Kahit Ano pa ang itago ng Tao ay malalaman din ni Allah,Oo.Ang sabi niya:Katotohanang si Jibrēl ay dumating sa akin sa oras na nakita mo,ay tinawag niya ako,at itinago niya ito sa iyo,tinugon ko ito at itinago ko rin sa iyo,at hindi na siya pumasok sa iyo sapagkat ibinaba mona nag damit mo,at inakala korin na nakatulog kana.Kayat namunghi akong gisingin kita at natakot akong madistorbo kita,Nagsabi siya (Jibrel) :Katotohanan and Panginoon mo ay nag-uutos sa iyo na pumunta ka ng libingan sa Al-Baqēi,at ihingi mo sila ng

kapatawaran",Nagsabi siya:Sinabi ko:Papaano ko sasabihin sa kanila O Sugo ni Allah?Ang sabi niya:Sabihin mong:((Sumainyo nawa ang kapayapaan sa mga naninirahan ng libingan na ito,mula sa mga naniniwalang Mu'min at Muslim at,Pagpalain nawa ni Allah ang mga nauna sa atin at ang pinaka-huli sa atin at katotohanan kami sa kapahintulutan ni Allah ay susunod sa inyo))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ikinekwento ng Ina ng mananampalataya na si 'Āishah ng isang kwentong nangyari sa kanya kasama ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,Habang ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nasa kanya sa gabing (siya'y nasa kanya),pumunta siya sa higaan niya,inilagay niya ang damit niya at tinanggal niya ang sapatos niya,inilagay niya ang dalawang ito sa paa niya pagkatapos ay humiga na siya,at nang inakala na niya na tulog na ako kinuha niya ang damit ng dahan-dahan upang hindi niya ako madistorbo,at isinuot niya ang sapatos niya ng dahan-dahan,pagkatapos ay binuksan niya ang pintuan at lumabas siya pagkatapos ay isinara niya ng dahan-dahan,at kaya niya iyon ginawa pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na patago ipang hindi siya magising at makalabas siya sa kanya,at baka salubungin niya ito dahil pag-iisa niya sa kadiliman ng gabi,Kayat isinuot ni 'Aishah ang damit niya at nagtakup siya ng mukha pagkatapos ay umalis siya at (sumunod ito) sa likod niya,hanggang sa dumating sila sa Al-Baqīe at ito ay libingan sa AlMadinah,Tumayo siya,at napatagal siya sa pagtayo,pagkatapos ay itinaas niya ang kamay niya ng tatlong beses na nananalangin,pagkatapos ay tumalikod siya upang maka-uwi sa bahay niya kayat mabilis na tumalikod din si 'Āishah,pagkatapos ay nagmadali siyang lumakad kayat nagmadali din siya,pagkatapos ay tumakbo siya kayat tumakbo din siya,nauna ako sa kanya kaya pumasok na ako,humiga ako kayat pumasok siya,at nagsabi siya:((Anong nangyari sa iyo O 'Aishah,hinika ka at hiningalo kana)) ang kahulugan ay :Nangyayari sa iyo ang mahirap na paghinga at ito ay hika at pagkamayamutin na nangyayari sa taong nagmamadali sa paglalakad at naghihingalo sa pagsasalita dahil sa taas na paghinga at panginginig nito,At ang sinabi nito:((hiningalo)) ;ibig sabihin at tumataas ang tiyan. Sinabi niya: walang nangyayari sa akin.Nagsabi siya:Ito ba sasabihin mo sa akin o hahayaan mong sabihin sa akin ito ni Allah na Napaka-bait at Mas higit na Nakaka-alam.at sinabi niya sa ka nya ang nangyari,Nagsabi siya:Ikaw ba ang taong nakita ki sa harap ki?Ang sabi niya:Oo,hinawakan niya sa kamay nito ang dibdib niya,naging masakit ito sa kanya,pagkatapos ay sinabi niya:Inakala moba na (gagawan) ka ng hindi makatarungan ni Allah at nang kanyang Sugo?)) Ibig sabihin ay: Inakala Moba na Hindi makatarungan sa iyo si Allah at ang kanyang Sugo?Na ang gabi na ibinahagi para sa iyo ay ipinunta niya sa iba, mula sa kanyang mga asawa?Nagsabi siya:(( Kahit pa anong pagtatago ng Tao ay malalaman din ni Allah,Oo))Ibig sabihin ay: Ang lahat ba ng itinatago ng Tao ay nalalaman ni Allah?at para baga ng sabihin niya ito ay pinatotohan niya ito sa sarili niya,kay at Nagsabi siya:Oo,Pagkatapos ay ipinaalam niya na si Jibrēl ay dumating sa kanya ngunit hindi pumasok sa kanya sa bahay nito,dahil si 'Aishah ay ibinaba na niya ang damit nito at nakahanda na sa pagtulog,kayat inakala ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na siya ay tulog na.at natakot siyang magising ito upang Hindi siya matapot na nag-iisa sa kadiliman ng gabi.Ang sabi sa kanya ni Jibrēl: Katotohanan ang Panginoon mo ay nag-utos sa iyo na pumunta ka ng libingan sa Baqēi, at ihingi mo sila ng kapatawaran,Pumunta ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang pagsunod sa kautusan,Dumating siya sa mga naninirahan sa libingan ng Baqēi,humingi siya ng kapatawaran sa kanila at

nanalangin sa kanila,Nagsabi si 'Aishah:Papaano ko sasabihin sa kanila,O Sugo ni Allah? Ang sabi niya:(( Pagpalain nawa ni Allah ang mga nauna sa atin at ang pinaka-huli sa atin at katotohanan kami sa kapahintulutan ni Allah ay susunod sa inyo))

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10407